**ARESTADO ang isang 46-anyos na seaman nang naaktuhan na kinukunan ng litrato sa celphone ang maselang bahagi ng katawan ng isang naka-mini skirt na dalaga na katabi nito sa isang pamapasaherong bus sa Imus City, Cavite.**

Kasong paglabag sa R.A 9995 (Anti-Photo and Video Voyeurism) ang kinakaharap ng suspek na si "Ramil" (Ernie Bentulan ang tunay na pangalan)) 46, may-asawa, ng 193 Salitran 4, Dasmariñas City, Cavite.

Itinago sa pangalang "Daisy" ang biktima, 29, dalaga, call center agent, ng B7 L23 Andrea Village, Salitran 4, Dasmariñas City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt John Carlo Punzalan, ng Imus City Police Station, magkatabing nakaupo ang biktima at suspek sa isang pampasaherong bus patungo sa direksiyon ng Dasmarinas City.

Habang binabagtas ng bus ang kahabaan ng Aguinaldo Highway sa Anabu Coastal, Anabu 1-C ng naturang Lungsod nang nakatulog ang biktima dakong alas-2:30 ng hapon.

Dito napansin ng suspek na medyo nakabuka ang hita kaya pinasok ng demonyo ang utak nito, inilabas ang cellphone at tinangkang i-video ang maseselang bahagi ng katawan biktima.

Naudlot ang makamundong pagnanasa ng suspek nang magising ang dalaga kaya kinompronta siya pero todo tanggi ito.

Tiyempong nakakita ng traffic enforcer ang biktima kaya nagsumbong at inaresto ang suspek. **GENE ADSUARA**

# 3 aktibista, dinakma

Tatlong aktibista ang inaresto ng Manila Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) nang salakayin ang tanggapan ng militanteng grupong Bayan, sa Tondo, Maynila.

Nasa kustodiya ng Manila CIDG sa Manila Police District (MPD) headquarters sa UN Ave¬nue, Ermita, Maynila ang mga inarestong sina Ram Carlo Pacul¬ba Bautista, Manila Campaign Director ng Bayan; Alma Estrada Moran, secretariat ng Manila Workers Unity, at Reina Mae Asis Nasino na Manila Coordinator naman ng Kadamay.

Batay sa imbetigas¬yon, ang tatlo ay binitbit matapos na salakayin ng mga awtoridad ang Ba¬yan Manila office na nasa 672 Flora Street, kanto ng Clemente Street sa Tondo dakong ala-1:15 ng madaling araw.

Ang raid ay isinagawa sa bisa ng search warrants sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 (The Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act) at sa kasong paglabag sa RA 9516 (Illegal possession of explosives) na inisyu ni Quezon City Regional Trial Court Judge Cecilyn E. Burgos-Villavert, ng Branch 89, dinala ang tatlo ng mga awtoridad.

Nadiskubre ng pulis ang iba't ibang baril, mga bala at dalawang granada.

Samantala, kinondena ng grupong Karapatan ang mala 'Gestapo raid' na isinagawa sa tanggapan ng Bayan, gayundin ang pag-aresto sa tatlo nilang kasamahan.

Sumugod din ang grupo ng mga militante sa MPD headquarters para ipakita ang kanilang pagkondena sa pag-aresto sa kanilang mga kasamahan at hilingin ang agarang pagpapalaya sa mga ito.

Nanindigan naman si NCRPO Director P/Brig. Gen. Debold Sinas, na legal ang isinagawang raid dahil mayroon silang search warrant nang isagawa ang pagsalakay at hindi nila pinagiinitan ang mga lider ng militante dahil sinusunod lamang nila ang inilabas na warrant sa reklamong pag -iingat ng mga armas na siyang ibinabato sa grupo. **(leonard basilio)**

# Bulacan police units, personnel cited for dedicated service

**CAMP ALEJO SANTOS, Bulacan** -- The Bulacan Police Provincial Office (BPPO) on Thursday honored deserving police units and personnel in this province for their exemplary dedication to duty and efficient performance as law enforcers.

The awarding was part of the 118th Police Service Anniversary celebration which carried the theme, "Pinaghusay na Serbisyo, Alay sa Sambayanang Pilipino".

Col. Chito Bersaluna, provincial director of the BPPO, together with Governor Daniel Fernando, led the awarding ceremony held at the KB Gym, Capitol Compound, Malolos City.

"The selected police personnel and units were cited for rendering excellent and dedicated service to the public in pursuit of peace and order," Bersaluna said.

The governor, on the other hand, expressed his gratitude for the services of the police force especially in the fight against criminality and illegal drugs.

The individual awardees were Lt. Col. Orlando Castil Jr. as best Senior Police Commissioned Officer; Major Restituto Granil as best Junior Police Commissioned Officer; Corporal Bernardo Abad as best Junior Police Non-Commissioned Officer; Senior Master Sergeant Julius Gacutan as best Senior Police Non-Commissioned Officer; and Ellen Grace Jones as best Non-Uniformed Personnel.

Non-uniformed personnel Raymard Martin was also given special citation on leadership.

Meanwhile, special unit awards were given to the San Jose Del Monte City Police Station for being the best city police station; Santa Maria Municipal Police Station as best municipal police station (Class A level); and Balagtas Municipal Police Station as best municipal police station (Class B level).

Special awards were also conferred to Pulilan Municipal Police Station led by Lt. Col. Gil Arizo Domingo and Pandi Municipal Police Station led by Police Major Joy Villanueva Placido for having the most number of confiscated firearms during police operations.

The San Jose Del Monte City Police Station, Baliwag Municipal Police Station and Bustos Municipal Police Station were also cited for having the most number of arrested persons during police operations.

The Malolos City Police Station, Baliwag Municipal Station and Balagtas Municipal Police Station were also recognized for having the most number of confiscated illegal drugs (shabu).

On the other, the Meycauayan City Police Station, Santa Maria Municipal Police Station and Paombong Municipal Police Station were acknowledged for having the most number of confiscated illegal drugs (marijuana).

The special units, namely the Provincial Legal Office, Bulacan Highway Patrol Team, Bulacan Criminal Investigation and Detection Team, Bulacan Provincial Crime Laboratory Office, Bulacan Health Service and the Provincial Internal Affairs Service were also given recognition.

Special recognition was also given to the local government units of the City of San Jose Del Monte and the municipalities of Santa Maria and Balagtas. **(PNA)**

# Bacoor City supports HIV awareness and ending LGBT discrimination campaign

**BACOOR CITY, Cavite (PIA) –** Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla hosted recently a two-day event in support of the HIV awareness and to end LGBT discrimination campaign in the city.

Thousands of participants from the different sectors from health, education, media, non-governmental organizations and others joined the activity initiated by City Councilor Alde Pagulayan of the Sangguniang Panlungsod Committee on Health.

According to Pagulayan, the event aims to help address the alarming health issues in relation to HIV in the province.

Meanwhile, 6th District Board Member and Chairperson of the Committee on Health Kerby Salazar expressed his appreciation to the people behind the event and thanked the city government for being the first LGU in the province to join the LGBT+ in fighting for their cause.

"Now is the time to actively fight for the LGBT rights and represent their voice," BM Kerby Salazar said.

He enjoined everyone to join the 1st Cavite Gay Pride March on November 29, 2019 at the provincial capitol grounds in Trece Martires City.

Cavite LGBT+ Alliance Coordinator Ivan James Fermanejo, talked about the stigma and discrimination that people living with AIDS go through including their families. He emphasized how lack of information and misinformation contributed to the situation.

During the two-day activity, program directors and counselors of the Department of Health discussed the basic concepts of HIV and AIDS, and the prevention of HIV transmission. They encouraged everyone to be tested and treated properly to live a healthy life with HIV.

Other topics talked about were: timely, relevant and sufficient information on Gender, Sex and Sexuality; giving human rights approach to the best interest of public health; lectures and discussion on the new strategies in preventing HIV/AIDS; service delivery in CALABARZON for PLHIV Clients; and the role of media in the fight against HIV/AIDS.

Provisions of the Sexual Orientation and Gender Identity Expression Equality (SOGIE) Bill also known as the Anti-Discrimination Bill and Republic Act 11166, otherwise known as the "Philippine HIV and AIDS Policy Act were also part of the discussion.

A panel discussion capped the activity featuring panelists composed of Dr. Gloria Hernandez of the Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH), Dr. Michael Angelo Marquez of Bacoor Social Hygienic Clinic, Dr. Ferdinand Mina of Imus and Dr. Soledad Mendiola of Dasmariñas Moderated by Provincial Health Office STI/HIV/AIDS Coordinator Haydeliza Maderazo, the participants aired their hopes, concerns, and doubts during the panel discussion. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from PICAD)**




PAPI president Nelson Santos (center) and Northwestern Visayan Colleges president Allan Angelo Quimpo (2nd from right) during today's ceremonial signing of the Memoramndum of Agreement between the Publishers Association of the Philippines and the said school inking their partnership for the holding of the 24th National Press Congress set on December 3-6 in Kalibo and in Boracay Island. Witnessing the event are PAPI Chairman Emeritus Johnny Dayang (right) and (from left) Aklan Press Club officers Gary Vargas and Ernesto Solidum.

# PAGTULONG, NASA PUSO NI ANGEL LOCSIN





**TUNAY na kaakibat sa puso ni Angel Locsin ang pagdamay o ang pagtulong.**

**Ang aktres ay nagkaloob ng kanyang tulong sa mga biktima ng lindol sa Davao del Sur.**

Kasama ni Angel ang boyfriend na si Neil Arce na nagtungo sa isang supermarket sa lungso.

Namataan silang namili ng mga saku-sakong bigas, kartun-kartong grocery items at mga bottled water.

Nakita rin kung paanong ang ginawang pagtulong ng aktres sa paghahakot ng mga galun-galong tubig.

Nais kasi ni Angel na mas mapabilis ang pagkakarga sa truck upang maihatid kaagad sa sa mga apektadong lugar.

Umasiste rin ang magkatipan sa Philippine Red Cross sa pag-aabot ng mga tulong sa mga biktima.

Hindi talaga matatawaran ang puso ng aktres pagdating sa pagtulong.

Remember June 2017, si Angel ay nanguna rin sa pamamahagi ng disaster relief efforts sa mga biktima ng Marawi Siege.

Mabuhay ka Angel!

@@@

FB LIVE JAM SESSION

Sa pamamagitan naman ng live jam session sa facebook idinaan ng singer na si Bayang Barrios kasama ang bandang 'Ang Naliyagan' ang kanilang pagtulong sa mga biktima ng lindol sa Mindanao.

Para sa kanila ay isang maliit na paraan lamang ang ginawa nila upang dumamay sa mga nasalanta ng lindol.

Ang isa pang fund raising event sa 70's Bistro sa Quezon City ay bahagi rin ng kanilang pagtulong.

Sa event ay kasama sina Joey Ayala, Gary Granada, Cookie Chua, Kakai Bautista, Pepe Herrera at Noel Cabangon.

@@@

**BRAVO MAYOR ISKO**

Isa pang katas ng industriya na ngayon ay alkalde ng Maynila ang mayroon ding ginuntuang puso.

Ang tatlong milyong piso (P3-M) na ibinayad ng isang drug company para maging endorser ay ipinagkaloob ni Manila Mayor Isko Moreno bilang tulong sa earthquake victims.

Ang tseke bilang talent fee ay ipinadiretso na ni Mayor Isko sa lokal na pamahalaan ng Cotabato.

Take note, sa kabuuan ay limang milyong piso ang naibahaging tulong ni Yorme Isko.

Tinanggap din ni Isko ang alok ng isang dermatologist para maging endorser ng clinic nito sa halagang dalawang milyong piso.

Ganoon din, ipinadiretso rin ng alkalde ang P2-M na ibinayad sa kanya sa local government ng Cotabato.

Kaya uulitin ko, tumataginting na limang milyong piso (P5-M) ang naibigayna tulong ni Mayor Isko.

**Bravo Mayor Isko!**



## HANEP SHOWBIZ

## "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

**(24)**

**HABANG** kumakain ay kabado ang magkaibigan habang sinasabihan sila ng tiyahin ni Alex.

"Patay na 'yung nasaksak kaya malamang na gaganti ang mga kamag-anak niyon."

"Kaya uulitin ko sa inyong dalawa ha, makinig kayo. 'Wag na muna kayong maglalalabas o lalayo."

Kabado man ang dalawa pero nagtataka sila na bakit kailangang manatili na lamang muna sila sa loob ng bahay.

Hindi naman sila ang nakaaway at lalong hindi sila ang sumaksak at nakapatay.

"Alam na kasi ng mga kamag-anak ng napatay na kaibigan din kayo ng sumaksak."

"Kaya ko kayo pinagsasabihan at pinag-iingat ay baka idamay kayong dalawa."

Hindi magandang balita iyon para sa magkaibigan kaya nga sila pumuslit ay dahil sa sobrang pagkakainip.

Pero kailangan nilang sumunod lalo at wala na silang naiisip pa na puwedeng mapuntahan.

"Alam ko na naiinip na kayo pero hayaan lamang ninyong lumamig muna ang sitwasyon."

Sa mga paglipas ng araw ay napuna naman ng tiyahin ni Alex ang nararamdamang inip ng dalawa.

"Napansin naman din ninyo siguro na maging ang mga kaibigan ninyo ay 'di rin gaanong lumalabas."

"Nag-iingat din sila at kumukuha lamang ng tiyempo, 'pag alam nilang malamig na ay lalabas uli mga 'yan."

Pansin din naman nina Alex at Allan na hindi nga gumagawi roon ang kanilang mga bagong kaibigan.

Ang ginagawa na lamang ng magkaibigan ay humahanap ng maaaring magagawa para hindi namamalayan ang oras.

Para kina Alex at Allan, ang isang araw ay halos katumbas ng isang linggo dahil sa nararanasang inip.

"Ayos! Yeeeeeeesssss"

**(Itutuloy)**

## IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-34 labas)**

**PAKANTA-KANTA** pa si Bernie habang papasok siya sa loob ng bahay.

"Maaga ka yata ah, wala bang activities sa campus? Ang pag-aaral kumusta naman na?"

"Pero alam mo ba na mayroon akong napapansin sa iyo nitong mga nakaraang araw."

Pagkauwi galing ng university ay nagulat si Bernie dahil hindi niya akalaing nasa bahay na si Cecile.

Kung tutuusin ay siya nga ang dapat magtanong kay Cecile kung bakit napaaga ng uwi.

"Wala naman ibang gawain sa campus kaya heto at dumiretso na ako ng uwi."

Malumanay naman ang pagkakasagot ni Bernie subalit hindi siya makapagtanong.

Hindi naman target tanungin ni Cecile kung bakit ito napaaga sa pagkakauwi.

Ang nais sana ni Bernie na itanong kay Cecile ay kung anong ibig sabihin nito na mayroong napapansin sa kanya.

"Sakali naman na may activities sa campus ay ipapaalam ko sa iyo para 'di ka nag-aalala."

"Kaya naman diretso uwi na ako para makapaghanda ng makakain natin."

Mukhang nalimutan ni Bernie na kapag gabi ay hindi na naghahapunan si Cecile.

"Hapunan! Mukhang nalimutan mong 'di naman ako kumakain sa gabi."

Nagdahilan na lamang si Bernie at para makabawi ay lumapit kay Cecile.

"Oo nga pala, sorry. 'Di bale 'mamya bago matulog ay babawi ako sa iyo."

"Baka kaya ka umuwi ng maaga ay 'di maganda ang timpla ng katawan mo kaya i-massage kita."

Bukod sa nakalusot sa pagkakalimot ay nakakuha pa ng pagkakataon si Bernie para malaman kung bakit napaaga ng uwi si Cecile.

"Madaling-araw ang alis ko kaya maaga ako umuwi, out of town nga."

"Makakauwi din naman ako kinabukasan kaya nga lamang baka gabihin na."

Nagkukuwentuhan sila na naghahanda ng makakain si Bernie.

Si Bernie na rin ang naghanda ng hot milk para kay Cecile.

**(Sundan)**

# CITY OF BACOOR AWARDED SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE FOR THE FIFTH CONSECUTIVE YEAR

**The City Government of Bacoor achieved another milestone as it was awarded the Seal of Good Local Governance (SGLG) for the fifth consecutive year. Out of the 81 provinces, 145 cities, and1489municipalities evaluated by the Department of the Interior and Local Government, only 380 or roughly 20 percent passed the stringent assessment system for local governance.**

Mayor Lani Mercado Revilla says, "We will always seek the highest level of governance for the people of Bacoor as we strive towards our vision of a dynamic and progressive Bacoor, operating under global corporate standards, supported by innovative infrastructure systems, and rooted in its culture and heritage."

She adds, "I am grateful for the SGLG program of DILG for providing the path towards excellence for me and my team. Through the SGLG program, the City Government of Bacoor is able to provide the best public service that our beloved constituents rightfully deserve."

The Seal of Good Local Governance is one way for DILG to promote integrity and good performance among local government units. Through its progressive assessment system, local government reforms and development are institutionalized as LGUs are given distinction for their performance.

The evaluation for this year's SGLG necessitated a higher bar of performance among local governments as DILG implemented the ALL-IN assessment principle. Local governments must thus pass all seven areas of competence including: financial administration, disaster preparedness, socialprotection,peaceand order, business friendliness and competitiveness, e n v i r o n m e n t a l management, and tourism, culture and arts. ALL-IN also means consistency in growth for good local governance and ALL-IN efforts for systematic advances in service delivery.

Hide original message

Mayor Lani says, "Each year, the challenge becomes harder because the expectations especially from our people also increase exponentially. It is fortunate that I have the full support and commitment of the Bacoor City Council. Every step of the way, I am in constant consultation with Vice Mayor Karen Evaristo and all the councilors from Districts 1 and 2. I value their wisdom and knowledge, I treasure their advice and inputs, and I am very appreciative of their assistance in pursuing our collective vision for our beloved city."

The first lady mayor of the City of Bacoor is not about to rest on her laurels, however. After receiving the SGLG for five consecutive years, Mayor Lani Mercado Revilla is committed to following this path to excellence, and welcoming opportunities for learning along the way.






REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CITY

**BANGKO MABUHAY (A RURAL BANK), INC.**,
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-267-19**

-versus-

**ANALYN DINGAL BANTACULO,**
Mortgagor/s.

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BANGKO MABUHAY (A RURAL BANK), INC.**, with principal office address at A. Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite against the Mortgagor, **ANALYN DINGAL BANTACULO**, with residence and postal address at Blk.10, Lot 49, Marbella St., Brgy. San Francisco, Gen. Trias City, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 22, 2019 amounts to **ONE MILLION ONE HUNDRED FORTY EIGHT THOUSAND EIGHTY THREE PESOS and 30/100 (P1,148,083.30)**, Philippine Currency, including/excluding interest, penalties attorney's fee, miscellaneous fees and all legal fees as specified and provided for in the promissory note, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **December 19, 2019** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2018032904**
**(TAX DECLARATION NO. 242-0027-54647)**

A parcel of land (Lot 49, Blk.10 of the cons/subd. plan, Pcs- 04-011869, being a portion of the cons of Lots 2680-G-3 to 8, all (LRC) Psd-222174, Lot 2680-J-2, (LRC) Psd-101732, Lots 2680-B, I & K, all of Psd-33619, L.R.C. Rec. No. __) situated in the Brgy. of de Fuego Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 50; on the SW., along line 2-3 by Lot 47; on the NW., along line 3-4 by Rd. Lot 11; and on the NE., along line 4-1 by Lot 51, all of the cons./subd. plan. Beginning at a pt., marked "1" on plan. **x x x containing an area of NINETY SIX (96) SQUARE METERS x x x**

A one storey residential building (House 1-B), situated at Monterey Farms, San Francisco, City of Gen. Trias with floor area of 36 sq.m. with Market Value of P257.760.00 under Tax Declaration of Real Property No. 242-0027-54648

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **January 9, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, **October 24, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**ATTY. CESARIO G. GONZALES, JR.**
Counsel for Bangko Mabuhay (A Rural Bank), Inc.
A.Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite

**ANALYN D. BANTACULO**
Blk.10, Lot 49, Marbella Street Maravilla
Brgy. San Francisco, Gen. Trias, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** October 28, November 4 and 11, 2019

# 'KAWATAN, NAISPATAN' DAHIL SA TSINELAS

**BINITBIT sa kulungan ang isang 21-anyos na lalaki nang nakilala ng nagmamay-ari ang suot nitong tsinelas sa Imus City, Cavite.**

Hindi naman na nakatanggi ang suspek na si EdmarAlberta, binate, ng Congbalay Binakayan Kawit, dahil sa mag palatandaan ng may-ari na si Christopher Son Cajigas, 26, ng 253 Brgy. Medicion 2-C Imus City.

Sa ulat ni PSSgt Tristan Tamayo, ng Imus City Police Station, dakong alas-5:00 ng umaga nang nagbukas ng kanyang sari-sari store ang biktima subalit tumambad sa kanya ang mga kalat.

Nang nagsagawa ng imbentaryo, nalaman nito na nawawala ang kita ng tindahan na P7,000 at 15 ream ng sigarilyo at nawawala rin ang pares ng kanyang tsinelas na tatak Havaianas.

Gayunman, habang naglalakad ito sa Brgy Medicion 2-C dakong alas-7:00 ng gabi ay napansin nito sa suspek na suot ang kanyang tsinelas dahilan upang bitbitin ito sa barangay kung saan inamin nito na ninakaw ang tsinelas.

Nakakulong sa Imus City Custodial Center ang naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# Droga, nakumpiska bunga ng baligtad na plaka

**BUKING** ang nakatagong shabu sa coin purse ng isang 46-anyos na lalaki na naunang inaresto dahil sa baligtad ang plaka ng kanyang minamanehong motorsiklo sa Rosario, Cavite.

Nakakulong sa Rosario Custodial Center ang suspek na si Renato dela Tonga, may-asawa, ng Brgy Daang Amaya 2, Tanza.

Sa ulat ni PSMSgt Roberto Lacas, ng Rosario Municipal Police Station, dakong alas-5:30 ng hapon nang parahin ang suspek sakay ng kanyang kulay itim na motorsiklong Suzuki dahil sa baligtad ang pagkakalagay ng plaka sa Brgy Tejeros Convention, Rosario.

Nang hanapan ng OR/CR ng motorsiklo at lisensiya nito ay wala itong maipakita.

Napansin na nanginginig ito tila may iniipit na itim na coin purse at pilit na inilalagay sa tool box ng kanyang motorsiklo.

Nang tignan ng pulisya ang laman ng kanyang itim na coin purse ay nakuha ang 11 pirasong sachet ng hinihinalang shabu o tinatayng 1.20 gramo na may street value na P2,200.

Pumiyok ang suspek at inamin na idedeliver sana nito ang nakumpiskang shabu sa isang "Master" sa loob ng isang kilalang mall.

Kasong paglabag sa RA 9165 ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# Publiko, pinag-iingat sa mga alok na trabaho gamit ang pekeng POEA FB page

**LUNGSOD MANDALUYONG (PIA)--** Pinapayuhan ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) ang mga Filipinong naghahanap ng trabaho na maging maingat sa mga inaalok na trabaho sa social media, lalo na sa mga Facebook pages na nagpapanggap na pag-aari ng POEA.

Ayon kay POEA Administrator Bernard P. Olalia, may mga naglalabasang Facebook page na ginagamit ang pangalan at logo ng POEA para mag-anunsiyo ng bakanteng trabaho sa ibang bansa tulad ng Australia, Canada, Germany, Japan, New Zealand, at sa United States.

Sinabi ni Olalia na ang mgfa ito ay hindi binerepika o inaprubahan ng POEA.

Pinangalanan ni Olalia ang ilan sa mga nasabing pekeng POEA Facebook pages gaya ng POEA Job Hirings in New Zealand, POEA Jobs Online, OFW POEA Jobs Abroad, POEA Jobs Abroad, POEA Job Hiring USA, POEA Job Hiring Australia, POEA Job Hiring UK, POEA Job Agency Hiring, POEA Trabaho Abroad Hiring, POEA Jobs in Dubai, Work Abroad-POEA Licensed Company, at POEA Accredited Licensed Agency.

Ang FB page "POEA Job Hirings in New Zealand" ay naiulat na naglathala na may bakanteng trabaho sa Honda New Zealand na umanoý nangangailangan ng manggagawang Filipino subalit itinanggi ng kompanya na sila ay nagre-recruit sa Pilipinas o sa alinmang bansa sa labas ng New Zealand.

Ayon kay Olalia, ang facebook.com/poea.gov.ph ang tanging opisyal na Facebook account ng POEA. Ito ay may blue checkmark bilang tanda na totoo ito na binerepika mismo ng Facebook.

Payo ni Olalia sa mga aplikante na kumpirmahin muna sa POEA kung balido ang mga trabahong iniaalok sa kanila gamit ang email at social media sa pamamagitan ng online verification system sa website poea.gov.ph o tumawag sa telephone hotlines 8722-1144 at 8722-1155. **(PIA-NCR/POEA)**




# OLD TIMER, OUTSTANDING FAVORITE!

Patok na nagwagi ang bagitong mananakbo na si Prime Time na sinakyan ng hineteng si Jesse Guce, na bukod sa malayong nagwagi at nakapagtala ng pruwebang 1:12.8 (24'-22'-26') para sa distansiyang 1,200 meters na nakapirmis lamang na dumating sa meta. Pumangalawa sa kanila ang bumentang kalaban na si Dancer's Image ni John Alvin Guce. Sa sumunod na tagpo ay nakapirmis lang din sa ibabaw ang hineteng si Bodjie Henson sa dinala niyang outstanding favorite na si Old Timer na maituturing na magaan pa rin ang grupong kinalalagyan. Tumapos siya ng tiyempong 1:27.4 (13'-23'-23'-27') para sa distansiyang 1,400 meters. Sumegunda sa kanila ang medyo dehado pang si Hello Junior ni Christian Pilapil at pumasok na pang trifecta ang segunda paborito na si Taranasakalyos ni Pabs Cabalejo. Nakatiyempo naman ng panalo ang biglaang bumenta na si Ambet Ko To na nirendahan ni Toper Garganta, dikit na sumegunda ang wala lang nadaanan na si Summer Cruise ni Christian Pilapil at tersera si Tubig At Langis ni Jesse Guce. Sa takbuhang iyan ay marami ang nalungkot sa klase ng pagdadalang nagawa ni Jesse, lalong lalo na sa paborito sa lahat na si Easy To Win na walang naipakitang maganda sa pagtakbo dahil sa kakuwadra pala iyong nagwagi sa kanilang takbuhan. Samantala, maayos na diskarte sa pagsakay ang ipinakita ng hineteng si Sadam Pilapil sa dala niyang kabayo na si Sabtang Island kung kaya't nakasungkit na sila ng panalo kontra sa pameta na lamang na outstanding favorite na si Sense Of Rhythm ni replaced jockey Oneal Cortez. Sa takbuhang iyan ay tila na iilang ang kabayong si Sense Of Rhythm kapag oras na may katabing kalaban sa gawing kanan nila kaya abangan na kapag oras na walang gumawing kalaban niya sa kanan ay kaya na siyang maipanalo ng hineteng sasakay sa kanya.

# Peralta urges swift action on killing of Ilocos Sur judge

**MANILA** -- The country's top judge on Wednesday called on law enforcement agencies to leave no stone unturned in going after the perpetrators of the murder of Tagudin, Ilocos Sur Regional Trial Court Judge Mario Anacleto Bañez.

"On behalf of the Judiciary, I strongly condemn the killing of Regional Trial Court Judge Mario Anacleto Bañez of Tagudin, Ilocos Sur. I call on the law enforcement agencies to exert their best efforts and be relentless in their investigation for the immediate apprehension of those responsible for this atrocious and dastardly act. I also extend my deepest sympathies to the family of Judge Bañez." Chief Justice Diosdado Peralta said in a statement.

Bañez, 54, was on his way home to San Fernando City, La Union in a Hyundai Accent sedan (with plate number ACL 1508) around 5:40 p.m. Tuesday when he was attacked by unidentified men at Barangay Mameltac, about five kilometers from the city.

The assailants left the scene onboard a blue motorcycle of still unidentified description.

The victim was rushed to Bethany Hospital but was declared dead on arrival.

Authorities have yet to determine the motive for the killing. **(PNA)**

# PGC WELCOMES DELEGATES FROM JEOLLABUKDO OFFICE OF EDUCATION

The Provincial Government of Cavite through the Provincial Information and Communications Technology Office in partnership with the Department of Education-Cavite (DepEd-Cavite) warmly welcomed the delegates from Jeollabukdo Office of Education of Korea headed by Senior Supervisor Yun-Rok Lee with Jin-Ho Choi, Hee-Jeong Kim, Sang-Ho Song, Hye-Lim Jeon and Dong-Gyun Han during their visit to the province on October 29-30, 2019.

In her welcome message, Ms. Cherrylou D. Repia, Schools Division Superintendent expressed her deep gratitude to the Jeollabukdo Office of Education for sustaining the partnership with the provincial government and DepEd-Cavite regarding information and communications technology trainings for teachers. She also presented the existing ICT education programs in the province.

Delegates made a courtesy call to Mayor Yuri Pacumio of Tanza and toured the Cavite Computer Center-Tanza Satellite Office as well as the Flaviana Arayata Elementary School. They also visited Emilia Ambalada Poblete National High School in Silang and Gov. Ferrer Memorial National High School-Biclatan Annex in the City Gen. Trias. These institutions were recipients of computers from Jeollabukdo Office of Education.

In a farewell dinner, 2018 and 2019 ICT trainees had the opportunity to express their gratefulness for the skills and knowledge they acquired during the trainings in Korea through the PGC-Jeollabukdo Office of Education partnership. Likewise, they also cited some suggestions and recommendations to improve the ICT training which the delegates guaranteed to take into consideration.

The partnership which started in 2005 has produced to date a total of 331 ICT-trained public elementary and secondary teachers and some PGC employees while almost 2000 set of computers were donated to the province and distributed to 160 public elementary and secondary schools. **PICAD**

# 2019 SEAL OF LOCAL GOOD GOVERNANCE, MGA AWARDEE MULA SA REHIYON NG CALABARZON

**NAGBIGAY ng pagkilala at parangal ang Department of the Interior and Local Government (DILG) kamakailan sa mga natatanging lungsod at munisipyo sa limang lalawigang nasasakupan ng Region 4-A o CALABARZON area na binubuo ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon.**

Kabilang ang Laguna, Rizal at Quezon sa Provincial Government Awardees.

Para naman sa City Government Awardees ay pasok ang tatlong lungsod ng Cavite na kinabibilangan ng Bacoor, Imus at Dasmarinas.


Sa Laguna ay apat na lungsod na kinabibilangan ng Calamba, San Pedro, Sta. Rosa at Binan habang sa Rizal ay ang Antipolo.

Para naman sa Municipal Government Awardees ay anim na bayan sa Cavite ang naparangalan mula sa Naic, Maragondon, Rosario, Mendez, Magallanes at Carmona.

Lima sa Laguna mula sa mga bayan ng Paete, Pagsanjan, Kalayaan, Pakil at Sta. Cruz.

Sa Batangas ay dalawang bayan mula sa Bauan at Taal habang sa Quezon ay lima na kinabibilangan na Guinayangan, Gumaca, Mauban, Panukulan at Sampaloc.

Pasok din sa parangal ang Taytay, Angono, Binangonan at Tanay mula sa Rizal. **RS**



**Mayor Jenny A. Barzaga** ng Dasmarinas City, Cavite.



**Mayor Emmanuel L. Maliksi** ng Imus City, Cavite.



**Atty. Roy M. Loyola**, Municipal Mayor ng Carmona, Cavite.




**PINASINAYANAN** ni Paranaque City Mayor EDWIN L. OLIVAREZ ang newly renovated na opisina ng Senior Citizen sa 2nd flr. ng Paranaque City Hall. Kasama sa larawan si Mr. Dante E. Pacheco, head ng OSCA, mga staff nito at iba pang bisita at opisyal ng P'que City Hall. **(JIMMY HAO)**

# Amo 'dinorobo' ng kasambahay

**ARESTADO** ang isang 41-anyos na kasambahay, na nakilala lamang sa Facebook, matapos tumangay ng halos P.5 milyong halaga ng mga alahas sa amo nito sa Bacoor City, Cavite.

Kasong Qualified Theft ang kinakaharap ng suspek na si Nelita Mercado Casas, alias Neca, may-asawa, ng Pinagkaisa Brgy. Commonwealth, Quezon City, at stay-in sa among si May Corazon Sacdalan, 41, ng B2 L6 Citta Italia Subd., Brgy. Mambog 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Alih Rimbang, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-12:10 ng hatinggabi nang bitbitin ang suspek matapos na nadiskubreng umabot na sa P328,000 ang halaga ng alahas na kanyang natatangay mula sa amo.

Nauna rito, dakong alas-6:30 ng gabi nang naisipan ng biktima na i-check ang kanyang jewelry box at laking gulat nito na narami na ang nawawala.

Dahil dito, kinompronta ng biktima ang dalawa niya kasambahay kung saan nakuha sa suspek ang isang pares na hikaw na may bato na nagkakahalaga ng P25,000 at isa pang gold loop earrings na nagkakahalga ng P5,000.

Narekober din mula sa suspek ang ilang papel de ahensiya ng mga alahas na kanyang naisanla.

Ayon kay Rimbang, 4 na buwan pa lamang naninilbihan bilang kasambahay ang suspek kung saan inirefer lamang ng driver ng biktima.

"Nakilala lamang ng kanilang driver ang suspek sa pamagitan ng Facebook at nang nalaman nito na naghahanap ng trababo ay inirekomenda nito sa kanyang amo," ayon kay Rimbang.

Gayunman, possibleng dahil sa kahihiyang idinulot ng suspek ay nag-resign na rin sa trabaho ang kanilang driver. **GENE ADSUARA**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

## KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

## Ebidensiya

**SA** press briefing kamakailan ni National Capital Region Police Office chief, Brig. Gen. Debold Sinas ay binanggit ang walong pulis na nahuli sa aktong natutulog habang nasa kanilang duty.

Apat ay mula sa pulisya ng Makati City, dalawa sa Caloocan City at dalawa rin sa Valenzuela City.

Naaktuhan ang walong pulis ng surveillance group ng NCRPO na kung tawagin ay 'Red Team.'

Ang Red Team ay mga pulis na nagmula sa Central Visayas at itinalaga sa Kalakhang Maynila.

Ipinakalat sila sa Metro Manila upang magmatyag sa kanilang kapwa pulis na hinihinalang nasasangkot sa illegal activities.

Ang Red Team ay direktang magbibigay o magsusumite ng kanilang report kay Sinas.

Ayon sa NCRPO chief ay epektibo ang grupong ito sa Central Visayas lalo na sa Cebu.

Ingat-ingat din sa Red Team ang mga pulis na naglalaro ng golf during weekdays.

Tandaan na iyan ang unang kautusan ni Sinas sa kanyang pag-upo sa NCRPO.

Paglilinaw lamang na ang naturang grupo ay hindi magsasagawa ng panghuhuli o pag-aresto sa mga maaktuhang gumagawa ng kailigalan bagkus ang kanilang misyon ay kumuha ng mga matitibay na ebidensiya.

Kagaya ng walong pulis, walang komprontasyong naganap sa halip ay kinuhanan lamang sila ng litrato bilang katibayan ng kanilang pagkakatulog habang naka-duty.

Hindi rin ni-relieve ang walong parak sa halip ay pinahintulutang ituloy ang kanilang trabaho kasabay ng pagsusumite ng report nila hinggil sa pangyayari.

Ang mga larawan bilang ebidensiya ay isinumite sa mga hepe ng pulisya ng Makati City, Valenzuela City at Caloocan City para sa disciplinary actions.

Paalala po lamang na 'wag naman sanang edited ang mga pictures o kahit video na isusumite.

Tandaan na nagagawa na ang editing sa photos at videos kaya nga hindi kumporme ang mga hukuman dito bilang mga ebidensiya.

Good luck Red Team sa inyong misyon.